Congressional Record

PLENARY PROCEEDINGS OF THE 17th CONGRESS, FIRST REGULAR SESSION

House of Representatives

Vol. 4 **Wednesday, February 22, 2017** *No. 74*

CALL TO ORDER

At 4:00 p.m., pursuant to Section 15(h), Rule IV of the House Rules, the Presiding Officer, Rep. Rodolfo C. Fariñas, called the session to order.

THE PRESIDING OFFICER (Rep. Fariñas). The session is called to order.

NATIONAL ANTHEM

THE PRESIDING OFFICER (Rep. Fariñas). Please rise for the singing of the Philippine National Anthem.

Everybody rose to sing the Philippine National Anthem.

PRAYER

THE PRESIDING OFFICER (Rep. Fariñas). Please remain standing for the silent prayer.

Everybody remained standing for the silent prayer.

THE PRESIDING OFFICER (Rep. Fariñas). The Dep. Majority Leader is recognized.

SUSPENSION OF SESSION

REP. DEFENSOR. Good afternoon, Mr. Speaker.

Mr. Speaker, I move to suspend the session.

THE PRESIDING OFFICER (Rep. Fariñas). The session is suspended.

It was 4:01 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 5:03 p.m., the session was resumed with Deputy Speaker Gwendolyn F. Garcia presiding.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, G.). The session is resumed.

The Floor Leader is recognized.

ROLL CALL

REP. SALO. Mme. Speaker, I move that we call the roll.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, G.). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretary General will please call the roll.

The Secretary General called the roll, and the result is as follows, per Journal No. 74, dated February 22, 2017:

PRESENT

Abad
Abayon
Abellanosa
Abu
Abueg
Acharon
Acop
Acosta
Acosta-Alba
Aggabao
Alonte
Alvarez (P.)
Amatong
Antonino
Aragones
Arbison
Arcillas
Arenas
Atienza
Aumentado
Bag-ao
Bagatsing
Banal
Barzaga
Bataoil
Batocabe
Bautista-Bandigan
Belaro
Belmonte (F.)
Belmonte (J.C.)
Belmonte (R.)
Benitez
Bernos
Bertiz
Biazon
Bolilia
Bondoc
Bordado
Bravo (A.)
Bravo (M.V.)
Brosas
Bulut-Begtang
Cagas
Calderon
Calixto-Rubiano
Caminero
Campos
Castelo
Castro (F.H.)
Catamco
Cayetano
Cerafica
Cerilles
Chavez
Chipeco
Cojuangco

Collantes
Cortes
Cortuna
Cosalan
Crisologo
Cuaresma
Cueva
Dalipe
Daza
De Jesus
De Venecia
De Vera
Defensor
Del Mar
Deloso-Montalla
Dimaporo (A.)
Dimaporo (M.K.)
Duavit
Dy
Enverga
Erice
Eriguel
Ermita-Buhain
Escudero
Espina
Estrella
Evardone
Fariñas
Ferrer (J.)
Fortun
Fortuno
Garbin
Garcia (G.)
Garcia (J.E.)
Garcia-Albano
Garin (S.)
Gasataya
Go (A.C.)
Go (M.)
Gomez
Gonzaga
Gonzales (A.P.)
Gonzales (A.D.)
Gonzalez
Gullas
Hernandez
Herrera-Dy
Hofer
Kho
Khonghun
Labadlabad
Lacson
Lagman
Lanete
Laogan
Lazatin
Lee
Limkaichong
Lobregat
Lopez (B.)
Lopez (M.L.)
Macapagal-Arroyo
Madrona
Malapitan
Manalo
Mangaoang
Mangudadatu (Z.)
Marcoleta
Marcos
Mariño
Martinez
Mendoza
Mercado
Mirasol
Montoro
Nava
Nieto
Noel
Nograles (K.A.)
Nolasco
Nuñez-Malanyaon
Oaminal
Ong (E.)
Ortega (P.)
Ortega (V.N.)
Pacquiao
Paduano
Pancho
Panganiban
Panotes
Papandayan
Pichay
Pimentel
Pineda
Primicias-Agabas
Radaza
Ramos
Relampagos
Revilla
Roa-Puno
Robes
Rocamora
Rodriguez (I.)
Rodriguez (M.)
Roman
Romualdo
Roque (H.)
Roque (R.)
Sacdalan
Sagarbarria
Salo
Salon
Sambar
Santos-Recto
Sarmiento (C.)
Sarmiento (E.M.)
Savellano
Sema
Siao
Silverio
Suansing (E.)
Suansing (H.)
Suarez
Tan (A.)
Tejada
Teves
Tiangco
Tugna
Tupas
Umali
Unabia
Ungab
Unico
Uy (J.)
Uy (R.)
Uybarreta
Vargas-Alfonso
Velarde
Velasco
Velasco-Catera
Veloso
Vergara
Villarica
Villarin
Violago
Yap (A.)
Yap (M.)
Yu
Zubiri

At this juncture, Deputy Speaker Garcia (G.) relinquished the Chair to Deputy Speaker Sharon S. Garin.

THE SECRETARY GENERAL. The roll call shows that 205 Members responded to the call.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). With 205 Members present, the Chair declares the presence of a quorum.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Floor Leader is recognized.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker.

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Floor Leader is recognized.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker.

REP. SAVELLANO. May we first acknowledge the Honorable Atienza.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Congressman Atienza is recognized.

REP. ATIENZA. Yes, just a very short manifestation, Mme. Speaker, Floor Leader.

I would like to congratulate the Secretariat. For once, and from the beginning of our session, even in the Sixteenth Congress, for they are accurate in their count.

Congratulations!

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Congratulations, SecGen. *(Applause)*

For once, Congressman Atienza is happy.

The Floor Leader is recognized.

APPROVAL OF THE JOURNAL

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker, I move that we approve Journal No. 73, dated February 21, 2017.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

Journal No. 73 of February 21, 2017, Tuesday, is hereby approved.

The Floor Leader is recognized.

REP. FARIÑAS. I would like to make a short manifestation, Mme. Speaker.

The count of the Secretariat has always been accurate. Now, it jibes with the count of the Honorable Atienza. Thank you.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you, Majority Leader.

The Floor Leader is recognized.

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker, before we proceed to the Reference of Business, may we first acknowledge the presence of our guests.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please rise when your names are called.

REP. SAVELLANO. The guests of honorable Deputy Speaker Gwendolyn Garcia of the Third District of Cebu and Rep. Aileen C. Radaza of the Lone District of Lapu-Lapu City, in the person of Ms. Amy Radaza Jessup; Mr. Frederick Jessup *(Applause)* from Sacramento, California; Ms. Ida Radaza Rago; and Mr. George Rago from Lapu-Lapu City. *(Applause)*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Welcome to the House of Representatives. Thank you.

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker, may we also acknowledge the presence of the guests of the Hon. Arnel M. Cerafica, First District Representative of Taguig City-Pateros, and Hon. Teodoro "Ted" G. Montoro, Representative of AASENSO Party-List, in the person of the Vice Mayor of Pateros, Hon. Gerald German; Municipal Councilor, Hon. Ericson Raymundo; Municipal Councilor, Hon. Joven Gatpayal; and Legislative Secretary, Ms. Andria Arni. *(Applause)*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please rise. Welcome to the House of Representatives. *(Applause)*

Thank you.

REP. SAVELLANO. Mme. Speaker, I move that we now proceed to the Reference of Business.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none, the motion is approved.

The Secretary General will please read the Reference of Business.

REFERENCE OF BUSINESS

The Secretary General read the following House Bills and Resolutions on First Reading, Communications and Committee Report, and the Deputy Speaker made the corresponding references:

BILLS ON FIRST READING

House Bill No. 5045, entitled:

"AN ACT DIGITIZING ALL BOOKS NECESSARY FOR PUBLIC EDUCATION AND ESTABLISHING THE PHILIPPINE ONLINE LIBRARY, PROVIDING FUNDS THEREFOR, AND FOR OTHER PURPOSES"

By Representative Roman

TO THE COMMITTEE ON BASIC EDUCATION AND CULTURE

House Bill No. 5046, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING A SENIOR CITIZENS HOSPITAL IN TICAO ISLAND, MASBATE AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Bravo (M.V.)

TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 5047, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING A SENIOR CITIZENS HOSPITAL IN BURIAS ISLAND, MASBATE AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Bravo (M.V.)

TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 5048, entitled:

"AN ACT MANDATING THE INTEGRATION OF MAASIN CITY COLLEGE INTO THE SOUTHERN LEYTE STATE UNIVERSITY SYSTEM"

By Representative Mercado

TO THE COMMITTEE ON HIGHER AND TECHNICAL EDUCATION

House Bill No. 5049, entitled:

"AN ACT REGULATING THE PRACTICE OF CRIMINOLOGY PROFESSION IN THE PHILIPPINES AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR, REPEALING FOR THE PURPOSE REPUBLIC ACT NO. 6506, OTHERWISE KNOWN AS 'AN ACT CREATING THE BOARD OF EXAMINERS FOR CRIMINOLOGISTS IN THE PHILIPPINES AND FOR OTHER PURPOSES' "

By Representative Rodriguez (M.)

TO THE COMMITTEE ON CIVIL SERVICE AND PROFESSIONAL REGULATION

House Bill No. 5050, entitled:

"AN ACT CREATING SEVEN (7) BARANGAYS AS SEPARATE AND DISTINCT BARANGAYS FROM ITS MOTHER BARANGAY SAN VICENTE, CITY OF SAN PEDRO, PROVINCE OF LAGUNA, TO BE KNOWN AS BARANGAYS PACITA I, CHRYSANTHEMUM, ROSARIO, PACITA II, FATIMA, SAN LORENZO RUIZ AND MAHARLIKA"

By Representative Arcillas

TO THE COMMITTEE ON LOCAL GOVERNMENT

House Bill No. 5053, entitled:

"AN ACT AMENDING SUBSECTION (C) OF SECTION 10 OF REPUBLIC ACT NO. 9208, OTHERWISE KNOWN AS THE 'ANTI-TRAFFICKING IN PERSONS ACT OF 2003' "

By Representative Violago

TO THE COMMITTEE ON REVISION OF LAWS

House Bill No. 5054, entitled:

"AN ACT RENEWING THE FRANCHISE GRANTED TO CENTURY COMMUNICATIONS MARKETING CENTER, INC. UNDER REPUBLIC ACT NO. 8133 ENTITLED, 'AN ACT GRANTING CENTURY COMMUNICATIONS MARKETING CENTER, INC., A FRANCHISE TO CONSTRUCT, INSTALL, OPERATE AND MAINTAIN FOR COMMERCIAL PURPOSES RADIO AND TELEVISION BROADCASTING STATIONS IN THE PHILIPPINES, AND FOR OTHER PURPOSES', FOR ANOTHER TWENTY-FIVE (25) YEARS FROM THE EFFECTIVITY OF THIS ACT"

By Representative Revilla

TO THE COMMITTEE ON LEGISLATIVE FRANCHISES

House Bill No. 5055, entitled:

"AN ACT CREATING AN ADDITIONAL REGIONAL TRIAL COURT BRANCH IN THE PROVINCE OF CAVITE TO BE STATIONED AT THE MUNICIPALITY OF SILANG, AMENDING FOR THE PURPOSE SECTION 14, PARAGRAPH (E) OF BATAS PAMBANSA BLG. 129, OTHERWISE KNOWN AS 'THE JUDICIARY REORGANIZATION ACT OF 1980' AS AMENDED, APPROPRIATING FUNDS THEREFOR AND FOR OTHER PURPOSES"

By Representative Loyola

TO THE COMMITTEE ON JUSTICE

House Bill No. 5056, entitled:

"AN ACT ENHANCING THE DELIVERY OF VISION CARE THROUGH A NATIONAL SIGHT STRATEGY AND STRENGTHENING THE PROFESSION OF OPTOMETRY FOR THE PURPOSE"

By Representatives Nograles (K.A.) and Nograles (J.J.)

TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 5057, entitled:

"AN ACT AMENDING REPUBLIC ACT 7924, STRENGTHENING THE METROPOLITAN MANILA DEVELOPMENT AUTHORITY, PROVIDING FUNDS THEREFOR AND FOR OTHER PURPOSES"

By Representatives Fernando, Malapitan, Erice, Del Rosario, Campos, Sandoval, Gonzales (A.P.), Lopez (M.L.), Lopez (C.), Nieto, Maceda, Bagatsing, Ocampo, Quimbo, Biazon, Olivarez, Tambunting, Calixto-Rubiano, Eusebio, Crisologo, Castelo, Banal, Belmonte (F.), Belmonte (J.C.), Zamora (R.), Cerafica, Gatchalian and Martinez

TO THE COMMITTEE ON METRO MANILA DEVELOPMENT

House Bill No. 5058, entitled:

"AN ACT EXPANDING THE MANDATORY POSITIONS RESERVED FOR PERSONS WITH DISABILITY IN PRIVATE CORPORATIONS, AMENDING FOR THE PURPOSE REPUBLIC ACT NO. 7277, AS AMENDED, OTHERWISE KNOWN AS THE MAGNA CARTA FOR PERSONS WITH DISABILITY"

By Representative Aglipay-Villar

TO THE COMMITTEE ON SOCIAL SERVICES

House Bill No. 5059, entitled:

"AN ACT CONVERTING THE BOKOD

NATIONAL HIGH SCHOOL - DAKLAN EXTENSION TO DAKLAN NATIONAL HIGH SCHOOL, AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Cosalan

TO THE COMMITTEE ON BASIC EDUCATION AND CULTURE

House Bill No. 5061, entitled:

"AN ACT EXEMPTING THE PATRONS OR THE CLIENTELLE OF TENANTS AND LESSEES OF SHOPPING MALLS, MARKETS, SHOPS, FAIRS, HOSPITALS AND ALL OTHER SIMILAR ESTABLISHMENTS FROM THE PAYMENT OF PARKING FEES ON A VALIDATION BASIS AND PROVIDING PENALTIES FOR A VIOLATION THEREOF"

By Representative Lopez (M.L.)

TO THE COMMITTEE ON TRADE AND INDUSTRY

House Bill No. 5062, entitled:

"AN ACT SEPARATING THE TUKURAN TECHNICAL-VOCATIONAL HIGH SCHOOL - BACLAY EXTENSION IN BARANGAY BACLAY, MUNICIPALITY OF TUKURAN, PROVINCE OF ZAMBOANGA DEL SUR FROM TUKURAN TECHNICAL-VOCATIONAL HIGH SCHOOL, CONVERTING IT INTO AN INDEPENDENT NATIONAL HIGH SCHOOL TO BE KNOWN AS BACLAY NATIONAL HIGH SCHOOL AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Yu

TO THE COMMITTEE ON BASIC EDUCATION AND CULTURE

House Bill No. 5065, entitled:

"AN ACT EXEMPTING THE BUREAU OF INTERNAL REVENUE FROM THE COVERAGE OF REPUBLIC ACT NO. 6758, OTHERWISE KNOWN AS THE SALARY STANDARDIZATION LAW, AS AMENDED, AND FOR OTHER PURPOSES"

By Representative Noel

TO THE COMMITTEE ON APPROPRIATIONS

House Bill No. 5066, entitled:

"AN ACT MANDATING ALL PRIVATE HIGHER EDUCATION INSTITUTIONS TO IMPLEMENT A STUDY-NOW-PAY-LATER PROGRAM"

By Representative Go (M.)

TO THE COMMITTEE ON HIGHER AND TECHNICAL EDUCATION

House Bill No. 5067, entitled:

"AN ACT INCREASING THE SERVICE INCENTIVE LEAVE OF EMPLOYEES AMENDING FOR THE PURPOSE ARTICLE 95 OF PRESIDENTIAL DECREE NO. 442, AS AMENDED, OTHERWISE KNOWN AS THE LABOR CODE OF THE PHILIPPINES"

By Representative Go (M.)

TO THE COMMITTEE ON LABOR AND EMPLOYMENT

House Bill No. 5068, entitled:

"AN ACT INCREASING THE NORMAL WORK HOURS PER DAY UNDER THE COMPRESSED WORK WEEK SCHEME, AMENDING ARTICLES 83, 87 AND 91 OF PRESIDENTIAL DECREE NO. 442, OTHERWISE KNOW AS THE LABOR CODE OF THE PHILIPPINES, AS AMENDED"

By Representative Go (M.)

TO THE COMMITTEE ON LABOR AND EMPLOYMENT

House Bill No. 5072, entitled:

"AN ACT DECLARING THE BUCARI AREA IN THE MUNICIPALITIES OF LEON AND ALIMODIAN, PROVINCE OF ILOILO AS ECOTOURISM ZONE, ESTABLISHING FOR THE PURPOSE THE BUCARI ECOTOURISM COUNCIL AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Gorriceta

TO THE COMMITTEE ON TOURISM

House Bill No. 5073, entitled:

"AN ACT PROVIDING FOR A FREE HIGHER AND TECHNICAL EDUCATION IN STATE UNIVERSITIES AND COLLEGES AND STATE-RUN TECHNICAL-VOCATIONAL INSTITUTES BASED ON COURSE AND PROGRAM OFFERINGS RESPONSIVE TO THE NEEDS OF OUR ECONOMY AND OUR INDUSTRIES, AND IN ACCORDANCE WITH OUR DEVELOPMENTAL GOALS"

By Representative Belaro

TO THE COMMITTEE ON HIGHER AND TECHNICAL EDUCATION

House Bill No. 5074, entitled:

"AN ACT INTEGRATING THE MEDICAL PROFESSION OF THE PHILIPPINES"

By Representative De Vera

TO THE COMMITTEE ON HEALTH

House Bill No. 5075, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING A PASSPORT

ISSUANCE OFFICE UNDER THE DEPARTMENT OF FOREIGN AFFAIRS TO BE SITUATED IN THE CITY OF SAN JOSE DEL MONTE, PROVINCE OF BULACAN AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Robes

TO THE COMMITTEE ON FOREIGN AFFAIRS

House Bill No. 5076, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING THE LAND TRANSPORTATION OFFICE (LTO) SAN JOSE DEL MONTE CITY SATELLITE OFFICE AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Robes

TO THE COMMITTEE ON TRANSPORTATION

House Bill No. 5077, entitled:

"AN ACT ESTABLISHING A STATE COLLEGE IN THE LONE LEGISLATIVE DISTRICT OF SAN JOSE DEL MONTE, PROVINCE OF BULACAN TO BE KNOWN AS SAN JOSE DEL MONTE CITY STATE COLLEGE, AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR"

By Representative Robes

TO THE COMMITTEE ON HIGHER AND TECHNICAL EDUCATION

RESOLUTIONS

House Resolution No. 791, entitled:

"A RESOLUTION CONGRATULATING AND COMMENDING FILIPINO BUSINESS LEADER FAMA FRANCISCO FOR BEING THE FIRST FEMALE AND FIRST ASIAN TO BE TAPPED BY MULTINATIONAL COMPANY PROCTOR & GAMBLE (P & G) TO LEAD ITS GLOBAL BUSINESS COVERING $4 BILLION SALES IN OVER 115 COUNTRIES"

By Representative Castelo

TO THE COMMITTEE ON RULES

House Resolution No. 792, entitled:

"A RESOLUTION CONGRATULATING AND COMMENDING FILIPINO-AMERICAN JOSIE TRINIDAD FOR BEING PRAISED FOR GOOD WORK BY RICH MOORE, CODIRECTOR OF DISNEY'S ZOOTOPIA, THE BEST ANIMATED FEATURE FILM AT THE RECENT GOLDEN GLOBE AWARDS"

By Representative Castelo

TO THE COMMITTEE ON RULES

House Resolution No. 793, entitled:

"A RESOLUTION CONGRATULATING AND COMMENDING FAR EASTERN UNIVERSITY STUDENT JANELLE MAE FRAYNA FOR OFFICIALLY BEING THE FIRST FILIPINA CHESS GRAND MASTER"

By Representative Castelo

TO THE COMMITTEE ON YOUTH AND SPORTS DEVELOPMENT

House Resolution No. 794, entitled:

"RESOLUTION URGING THE DEPARTMENT OF TRANSPORTATION (DOTr), TOLL REGULATORY BOARD (TRB), DIFFERENT STAKEHOLDERS AND TOLLWAY OPERATORS OF DIFFERENT TOLLWAYS AND EXPRESSWAYS IN LUZON TO COME UP WITH A MECHANISM UNDER A MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) OR MEMORANDUM OF UNDERSTANDING (MOU) FOR AN INTEGRATED AND SINGLE UNIFIED TICKETING PAYMENT SCHEME BY USING ONLY ONE (1) RADIO FREQUENCY IDENTIFICATION (RFID) STICKERS CALLED 'EASY DRIVE' IN ALL THE TOLLWAYS AND FOR OTHER PURPOSES"

By Representative Calixto-Rubiano

TO THE COMMITTEE ON TRANSPORTATION

House Resolution No. 795, entitled:

"RESOLUTION EXPRESSING THE WARM CONGRATULATIONS OF THE HOUSE OF REPRESENTATIVES TO DIVINE MASADAO WALLY OF BAGUIO CITY FOR BAGGING THE GOLD MEDAL IN THE 8TH SANDA WORLD CUP IN XI'AN CHINA"

By Representative Go (M.)

TO THE COMMITTEE ON YOUTH AND SPORTS DEVELOPMENT

ADDITIONAL COAUTHORS

Rep. Rozzano Rufino B. Biazon for House Bills No. 2192, 2193, and 2758;

Reps. Mark Aeron H. Sambar, Ann K. Hofer and Carlo V. Lopez for House Bills No. 4106 and 4462;

Rep. Arnel M. Cerafica for House Bills No. 4106, 4149, and 4462;

Reps. Allen Jesse C. Mangaoang and Maximo B. Dalog for House Bills No. 5016 and 5017;

Reps. Victoria Isabel G. Noel, Mark O. Go and Lorna P. Bautista-Bandigan for House Resolution No. 769;

Rep. Wilfredo S. Caminero for House Bills No. 2192 and 2193, and House Resolution No. 769;

Rep. Federico "Ricky" S. Sandoval II for House Bill No. 3683;

Rep. Carmelo "Jon" B. Lazatin II for House Bills No. 180, 1330, 2192, and 2193;

Rep. Winston "Winnie" Castelo for House Bills No. 1862, 1863, 1864, 1865, 1866, 3170, 3171, 3609, 4503, and 4578;

Rep. Ma. Lucille L. Nava, M.D. for House Bills No. 36, 37, 38, 40, 2192, 2193, 2447, 2448, 2449, 2450, 2454, 2459, 2460, 2462, 2465, 2710, 2711, 2713, 2714, 2897, 3394, and 4107, and House Resolution No. 523;

Rep. Manuel Jose "Mannix" M. Dalipe for House Bill No. 3100;

Rep. Leopoldo N. Bataoil for House Bill No. 4899;

Rep. Arthur R. Defensor Jr. for House Bill No. 5072;

Rep. Jesus "Boying" F. Celeste for House Bills No. 2192 and 2193;

Rep. Napoleon S. Dy for House Bills No. 40, 2447, 2453, 2460, and 2465;

Rep. Randolph S. Ting for House Bills No. 4570 and 4571;

Rep. Micaela S. Violago for House Bills No. 2637, 2639, 2643, 2646, 2648, 3961, and 3962;

Rep. Jocelyn Sy Limkaichong for House Bill No. 2648;

Reps. Jose "Pingping" I. Tejada, Michael John R. Duavit, Erico Aristotle C. Aumentado, Jose T. Panganiban Jr., CPA, LLB., Arthur C. Yap, and Teodoro "Ted" G. Montoro for House Bill No. 2635;

Rep. Wes Gatchalian for House Bills No. 1858, 1859, 2192, 2193, 4689, and 4742, and House Resolution No. 693;

Rep. Jose Antonio "Kuya Jonathan" R. Sy-Alvarado for House Bills No. 4661 and 4881;

Rep. Alfredo A. Garbin Jr. for House Bill No. 2192;

Rep. Maria Vida Espinosa Bravo for House Bills No. 3612, 3789, 4287, 4388, 4649, 4713, 4723, 4726, 4734, 4735, and 4865;

Rep. Gil "Kabarangay" P. Acosta for House Bills No. 2192, 2193, and 3942;

Rep. Cristal L. Bagatsing for House Bill No. 4174;

Rep. John Marvin "Yul Servo" C. Nieto for House Bills No. 4052, 4141, 4482, 4689, 4737, 4742, and 4898, and House Resolution No. 760;

Rep. Harlin Neil J. Abayon III for House Bills No. 743, 1371, and 3276;

Rep. Florida "Rida" P. Robes for House Bills No. 249 and 4901;

Rep. Scott Davies S. Lanete, M.D. for House Bill No. 4939;

Rep. Cristina "Chiqui" Roa-Puno for House Bill No. 4689;

Rep. Munir M. Arbison for House Bill No. 2345; and

Rep. Edward Vera Perez Maceda for House Bill No. 4661.

COMMUNICATIONS

Letter dated January 17, 2017 of Peter Tiu Laviña, Administrator, National Irrigation Administration, submitting their CY 2016 Fourth Quarter Progress Report of NIA CARP-IC for ARISP-III Irrigation Component

TO THE COMMITTEE ON AGRICULTURE AND FOOD

Letter dated January 24, 2017 of Adoracion M. Navarro, Undersecretary for Regional Development and Officer-in-Charge, National Economic and Development Authority, submitting the list of foreign retailers selling high-end or luxury goods pursuant to Section 8 of Republic Act No. 8762.

TO THE COMMITTEE ON BASIC EDUCATION AND CULTURE

Letter dated January 31, 2017 of Alain Del. B. Pascua, Undersecretary, Department of Education submitting an update on the Joint DepEd-DPWH validation activity for the 2017 School Building Program.

TO THE COMMITTEE ON BASIC EDUCATION AND CULTURE

Letter dated February 8, 2017 of Ortrud T. Yao, Secretary/Treasurer of Calapan Waterworks Corporation, submitting their operational report for year 2016.

TO THE COMMITTEE ON LEGISLATIVE FRANCHISES

COMMITTEE REPORT

Report by the Committee on Cooperatives Development (Committee Report No. 124), re H.R. No. 814, entitled:

"RESOLUTION CONGRATULATING AND COMMENDING THE CEBU CFI COMMUNITY COOPERATIVE FOR BEING CONFERRED THE 2016 GAWAD SA PINAKATANGING KOOPERATIBA – PLATINUM AWARD, THE HIGHEST AWARD FOR COOPERATIVES GIVEN BY THE LANDBANK OF THE PHILIPPINES"

recommending its adoption in substitution of House Resolution No. 277

Sponsors: Representatives Geron and Salimbangon

TO THE COMMITTEE ON RULES

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, before we proceed, may we acknowledge the presence of the guests of Rep. Edcel C. Lagman, Rep. Tom S. Villarin and Rep. Teddy Brawner Baguilat Jr.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please rise as your names are being called.

REP. DEFENSOR. They are, number one, AKBAYAN, and Amnesty International Philippines, Association of Major Religious Superiors in the Philippines, Augustinian Missionaries of the Philippines, Augustinian Sisters of Our Lady of Consolation, Canossian Daughters of Charity, Carmelite Missionaries, Franciscan Sisters of the Immaculate Conception, Holy Family School of Quezon City Inc., KnK–Children Without Borders, In Defense of Human Rights and Dignity Movement, Lay Josephines, Partido Manggagawa, PAHRA or the Philippine Alliance of Human Rights Advocates, Religious of the Virgin Mary and Siervas de San Jose.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Welcome to the House of Representatives *(Applause)*

CONSIDERATION OF H.B. NO. 4727
Continuation

PERIOD OF SPONSORSHIP AND DEBATE

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, I move that we resume the consideration of House Bill No. 4727, contained in Committee Report No. 47, as reported by the Committee on Justice, and for this purpose, that the Secretary General be directed to read only the title of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretary General is hereby directed to read only the title of the measure.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 4727, entitled: AN ACT IMPOSING THE DEATH PENALTY ON CERTAIN HEINOUS CRIMES, REPEALING FOR THE PURPOSE REPUBLIC ACT NO. 9346, ENTITLED, "AN ACT PROHIBITING THE IMPOSITION OF DEATH PENALTY IN THE PHILIPPINES", AND AMENDING ACT NO. 3815, AS AMENDED, OTHERWISE KNOWN AS THE "REVISED PENAL CODE", AND OTHER SPECIAL PENAL LAWS.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin. S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, the parliamentary status is that we are in the period of sponsorship and debate. I move that we recognize the Sponsor, the distinguished Gentleman from the Second District of Capiz, the Hon. Fredenil "Fred" H. Castro.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Hon. Fredenil Castro is recognized to sponsor the House Bill.

REP. DEFENSOR. To interpellate, I move that we recognize the distinguished Lady from the Lone District of Dinagat Islands, the Hon. Kaka J. Bag-ao.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Honorable Bag-ao is recognized.

REP. BAG-AO. Maraming salamat, Mme. Speaker.

Bilang panimula, gusto ko lang pong sabihin na mahalagang naipapaliwanag natin ang lahat ng kaakibat at kaugnay na usapin sa isyu ng death penalty. Hindi naman po tayu-tayo lang dapat ang nag-uusap dito. Naniniwala po ako na ang debate ngayon dito sa Kongreso ay kasama ang mga mamamayan, hindi lamang po dapat ang mga Kinatawan nila ang nagtatalakayan. Kasama rin po sila, lalo na at napakahalaga at napakabigat ng pinag-uusapan natin ngayon, ang pagbibigay sa Estado ng kapangyarihang kumitil ng buhay ng tao. At dito, ngayon natin mailalantad sa mga mamamayan kung anu-ano nga ba ang mga pundamental na batayan na pinaniniwalaan natin bilang mga Kinatawan nila. Dito natin maipapakita ang mga pinahahalagahan natin, hindi lamang bilang mga pampublikong opisyal, kung hindi bilang mga tao na rin.

Mag-uumpisa na po ako sa aking mga katanungan. Mme. Speaker, G. Isponsor. Kilala ninyo po ba sina Emmanuel Camacho, Donna Mazon, Mark Alvin Antonio, Rigor De Padua at Jeanette Opena?

REP. CASTRO (F.H.). Sa katotohanan lamang, para sa kaalaman ng Ginang na nanggagaling sa nag-iisang Distrito ng Dinagat, ito pong Kinatawan ay hindi nakakaalam ng mga pangalan na kanyang nasambit.

REP. BAG-AO. Okay po, sige po. Mamayang konti, ipakikilala ko po sila sa inyo.

Iyong susunod ko pong katanungan ay: naniniwala po ba kayo na dapat sundin ng mga mamamayan ang batas?

REP. CASTRO (F.H.). Hindi lamang dapat sundin, kundi ang batas ay dapat ibilang ng mga

mamamayan na siyang dapat sundin sa araw-araw na kanilang pamumuhay dito sa mundo sapagkat ito ay kinakailangan ng hindi lamang ng iisa, kundi ito ay kailangan ng lahat, at kailangan ito ng ating bansa bilang proteksyon ng ating mga taumbayan.

REP. BAG-AO. Correct. Agree po ako sa inyo, kaya—at sabi po sa ating Constitution sa ilalim ng Article II, Section 2:

> The Philippines renounces war as an instrument of national policy, adopts the generally accepted principles of international law as part of the law of the land x x x.

Ang International Covenant on Civil and Political Rights or ICCPR, Second Optional Protocol, at Vienna Convention on the Law of Treaties ay maituturing po ba nating mga batas na rin ng Pilipinas?

REP. CASTRO (F.H.). Ito po ay maituturing na batas sa bansang Pilipinas, subalit kung ang batas na tratado, na itinuturing natin na batas ay labag sa ating Saligang Batas, ang Saligang Batas at ang lokal na batas ng bansang Pilipinas ang siyang mangingibabaw.

REP. BAG-AO. Pero, ito pa rin po ay batas at dapat nating sundin, hindi lang ng ating mamamayan ng Pilipinas, kundi pati ng Pilipinas bilang mamamayan ng sandaigdigan. Tama po ba?

REP. CASTRO (F.H.). Nasabi ko na po ang aking sagot sa katanungan ng magandang Binibini ng Dinagat, na ito ay susundin bilang batas, subalit kung ito ay labag sa Saligang Batas ng ating bansa ay hindi maaaring mangibabaw ito sa ating lokal na batas o sa ating Saligang Batas.

REP. BAG-AO. Correct. So, kung walang conflict at wala namang tunggalian ang mga international instruments at covenants na ito at ng ating Constitution, bahagi ito ng batas ng ating bansa ay kailangan itong sundin, hindi lang ng ating mga mamamayan, kung hindi bilang tayo, bilang isang bansang mamamayan ng buong daigdig.

Okay. Maraming salamat sa inyong sagot. At kung ganoon po, naniniwala rin po ba kayo na ang batas na dapat nating sundin ay hindi lamang iyong mga batas ng ating bansa?

Sinabi ninyo na kanina na dapat ito ay sundin lalo na kung hindi naman ito salungat sa ating Konstitusyon. At kailangan po nating tanggapin ang katotohanan na ang Estado na ay mamamayan ng daigdig, kagaya ng Pilipinas, at hindi lamang po ang karapatan ang kaakibat nito, kung hindi pati na rin ang mga responsibilidad at tungkulin.

So, ibig sabihin, iyong mga responsibilidad at tungkulin na sinang-ayunan natin bilang mamamayan ng sandaigdigan ay kailangan din nating sundin, hindi po ba?

REP. CASTRO (F.H.). Hindi po nagbabago ang paniniwala at paninindigan ng Representante o Kinatawang ito na ang tratadong internasyonal ay ibinibilang na kapareho ng batas na lokal ng ating bansa. At ito ay dapat obserbahan bilang batas ng ating bansa, subalit kailangang ito ay hindi labag o salungat sa ating Saligang Batas.

REP. BAG-AO. Okay. Maraming salamat po at wala pa rin naman po akong naririnig na tsismis o nababasang dokumento na nagsasabing magkasalungat ang mga pinirmahan nating international instruments at ang ating Constitution.

So, sa ngayon ay ia-assume natin na hindi sila magkatunggali, pero, Mme. Speaker, Mr. Sponsor, kailangan din po nating makita na ang Pilipinas ay hindi ordinaryo pagdating sa kontekstong pandaigdigan. At alam ninyo po ba na bilang Estadong bahagi ng UN, ng United Nations, at mamamayan ng daigdig, ay sumusunod nang maayos sa mga sinasang-ayunan natin? Alam ninyo po ba na tayo ang naunang nagpatigil at nagpatanggal ng parusang bitay sa buong Asya? At dahil sa ating ehemplo—tatapusin ko na lang iyong tanong ko—at dahil sa ating ehemplo, nakikita tayo sa mundo bilang isang bansa na nangunguna pagdating sa pagsusulong ng demokrasya at hustisya sa isang paraang makatao. At ngayon, tayo rin ay nahalal bilang Chairman ng ASEAN. Parang hindi naman yata po tama na bumabaligtad tayo sa ating papel at tungkuling patuloy na isulong ang demokrasya at hustisya sa makataong paraan. Hindi po ba?

Ang pamumuno ba natin sa ASEAN ay sisimulan natin sa pagtalikod sa mga naunang pananagutan at paninindigan lalo na kung kinikilala tayo bilang nangunguna sa pagsiguro na hindi magiging bahagi ng ating polisiya ang pagbibitay?

REP. CASTRO (F.H.). Ikinagagalak ko, iginagalang na Kinatawan ng Dinagat na alam mo at ipinadadama mo ang iyong nalalaman sa lahat na kinikilala ang bansang Pilipinas.

Kung ibinabalik man ang parusang kamatayan, ito ay hindi dahil nilalabag natin ang ating ipinasok na kasulatan o kasunduan bilang tratado sa internasyonal na organisasyon kaparehas ng United Nations. Ginagawa natin ito sapagkat tayo ay pinapayagan ng ating Saligang Batas, sa pamamagitan ng isang batas na maaaring ibalangkas at maaaring ipalabas pagkatapos aprubahan ng Kongreso ng Pilipinas sa ilalim ng ating Saligang Batas.

Alam ko rin na hindi natin nilalabag ang ating kasunduan sapagkat ang ating gagawin na pagbalik

ng kaparusahang kamatayan ay isang hakbang upang mabigyan ng sandata ang ating Estado laban sa baluktot, karumal-dumal at kasuklam-suklam na mga krimen na nangyayari dito sa ating bansa. Hindi natin pababayaan na ang ating Estado, ang ating pamahalaan ay walang kalasag o walang sandata laban sa mga karumal-dumal o kasuklam-suklam na mga krimen na nangyayari sa ating lipunan na hindi para sa kabutihan ng ating taumbayan.

REP. BAG-AO. Salamat po, pero sana maisip din po natin kung ano ang pinirmahan natin at kung ano ang ipinasok nating mga international agreements bilang isang bansa.

Ipapaalala ko lang po ang Universal Declaration of Human Rights o ang UDHR at ang sinasabi nito na "Everyone has the right to life, liberty and security of persons." Sinasabi rin ng ICCPR na "Every human being has the inherent right to life. This right shall be protected by law and no one shall be arbitrarily deprived of his life." Sabi naman po ng Second Optional Protocol to the International Covenant on Civil and Political Rights na naglalayong i-abolish ang death penalty at naratipikahan ng ating bansa noong 2007, ano po ang na-commit natin sa instrumentong ito?

Sabi po natin, una, "No one within the jurisdiction of a State Party to the present protocol shall be executed; at pangalawa, "Each State Party shall take all necessary measures to abolish the death penalty within its jurisdiction." Naiisip po ba natin ang implikasyon ng commitments na ginawa natin dito, distinguished Sponsor, bilang isang bansang mamamayan ng daigdig?

REP. CASTRO (F.H.). Naiintindihan po ng Kinatawang ito ang ipinaaabot na damdamin at paniniwala ng kagalang-galang na Kinatawan ng Dinagat, at nalalaman ko rin na ang mga ipinaaabot ng maganda at magaling na Kinatawan ng Dinagat ay naiintindihan ng mga Kinatawan ng Mababang Kapulungan ng Kongreso, subalit ibig ko ring ipaabot sa kanya na naiintindihan natin lahat ito ngunit hindi natin maaaring hayaan na ang ating Estado ay walang sandata laban sa krimen na maaaring mangyari sa ating lipunan.

Naiintindihan ko rin na ang lahat ng Kinatawan ng Mababang Kapulungan, ang lahat na nandidito sa Bulwagan ng Bahay ng Pilipino, na nagmamahal tayo sa buhay sapagkat ang buhay ay nalalaman natin na isang banal na bagay, nalalaman natin na dapat ito respetuhin at alam natin na dapat ito pagyamanin, subalit hindi natin mapapayagang pagpiyestahan ng mga kriminal ang ating lipunan. Hindi natin mapapayagang walang depensa ang Estado laban sa mga kriminal. Hindi natin mapapayagang walang depensa ang taumbayan laban sa kriminal, at hindi natin mapapayagang ang isang Estado ay hindi makapagdala ng katarungan sa lahat na maaaring biktima ng krimen na karumal-dumal, krimen na baluktot, krimen na kahindik-hindik at krimen na kakila-kilabot o kasuklam-suklam.

REP. BAG-AO. Salamat po. Pero I am sure na ang ating mga Representante ng Estado, noong pinirmahan nila ang Second Optional Protocol, alam nila kung ano ang ibig sabihin ng pinipirmahan nila. Alam nila na ikino-commit natin ang ating bansa na mangunguna sa pagsiguro na hindi mababalik ang parusang bitay.

Kahit po noong 2007 na pinirmahan ang Second Optional Protocol, ang inyong pagdadalamhati din sa kalagayan ng ating bansa ay kitang-kita rin ng ating mga Representante noong pinirmahan nila ito.

In fact, hindi lang po nagtapos sa 2007 Second Optional Protocol ang pinirmahan ng Pilipinas. Pinirmahan din po ng Pilipinas ang General Assembly Resolution No. 62/149 na nilagdaan noong 2007, kung saan sinabi ng resolusyon na ang mga partido na miyembro ng United Nations na nagpapatibay ng pangakong buwagin ang paggamit ng parusang bitay.

Pumirma din po ang Pilipinas sa General Assembly Resolution No. 63/168 na nilagdaan noong 2008, kung saan kinikilala ng Asembliya ang pandaigdigang kalakaran patungo sa pagtanggal ng parusang bitay.

Pinirmahan din po ng Pilipinas ang General Assembly Resolution No. 65/206 na nilagdaan noong 2010, kung saan sinabi ng Asembliya na ang mga estado na nananatiling may parusang bitay ay higpitan ang paggamit nito, bawasan ang mga kasalanang kalapit at pagtatag ng moratorium sa parusang bitay patungo sa tuluyang pag-alis ng parusang ito.

Pinirmahan din po ng Pilipinas ang General Assembly Resolution No. 67/176 na nilagdaan noong 2012, kung saan sinabi ng Asembliya na may botong 111 na pabor, 41 na hindi pabor at 34 na abstention sa panawagan na ang mga estado ay magtatag ng moratorium sa paghatol ng parusang bitay, ulit, patungo sa tuluyang pag-alis ng parusang ito.

Pumirma din po ang ating bansa sa General Assembly Resolution No. 69/186 na nilagdaan noong 2014, kung saan tumaas na ang suporta ng mga estado na pabor sa resolusyon, kung saan 117 ang pabor, 38 ang hindi pabor at 34 ang abstention.

Mme. Speaker, distinguished Sponsor, ang Pilipinas, bilang isa sa mga nanguna at cosponsor ng mga resolusyon sa United Nations, ay nananawagan para sa pagpipigil ng parusang bitay.

Kamakailan lang ay nahalal ang Pilipinas bilang Chair ng Association of Southeast Asian Nations. Ngayon po, tayo na ang Chairperson ng ASEAN sa taong ito. Tayo ay lider ng ASEAN na nanguna sa mga resolusyong aking nabanggit. Gaano po ba talaga kaimportante sa atin ang pagsunod sa international documents, sa mga agreement na ipinapasok ng ating

bansa at sa mga commitment na nilagdaan ng ating bansa bilang isang sobereniya? Gaano ba talaga tayo kaseryoso dito?

REP. CASTRO (F.H.). Sa iginagalang na Kinatawan ng Dinagat, ang mga kasulatang internasyonal na ating pinirmahan ay napakahalaga. Inaayunan ko ang iyong obserbasyon. Ang mga kasulatan na ating pinirmahan sa United Nations o kahit na anumang sangay ng organisasyon na ito ay napakahalaga. Alam ko na alam ito lahat ng mga Kinatawan sa Mababang Kapulungan ng Kongreso. Subalit noong ating pinirmahan ang mga kasulatang ito, nalalaman din natin, nalalaman ng ating mga Kinatawan na ang mga kasulatang ito ay maaaring maging legal lamang sa ating bansa kung ito ay hindi salungat sa ating Saligang Batas.

REP. BAG-AO. Salamat po, Mme. Speaker.

REP. CASTRO (F.H.). Kung ito ay nalalaman ng ating mga Kinatawan na pinapayagan ng ating Saligang Batas ang pagbabalik sa parusang kamatayan, subalit ipinagpatuloy nila ang pagpirma ng mga kasulatang ito, ang kanilang ginawa na pagsang-ayon at pagpirma sa mga kasulatang ito ay isang ilegal na gawain sapagkat ito ay labag sa ating Saligang Batas.

REP. BAG-AO. Salamat po, distinguished Sponsor, Mme. Speaker.

Pero ano po ang pruweba ninyo? Mayroon ba kayong dokumento, desisyon ng Korte Suprema, desisyon ng United Nations? Ano ang pruweba ninyo na itong mga pinirmahan nating international instruments ay salungat sa Saligang Batas, and therefore, hindi natin kailangang sundin? Mayroon po ba kayong pruweba, dokumento o anuman?

REP. CASTRO (F.H.). Walang pruweba na mas matibay pa sa sinasabi ng ating Saligang Batas na ang kaparusahang kamatayan ay maaaring ibalik sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kongreso ng Republika ng Pilipinas, kung ang tinutumbok nito ay isa o mga krimen na buktot at mayroong dahilan kung bakit kailangang ibalik ito upang maging sandata ng ating pamahalaan laban sa mga buktot na krimen na nangyayari sa ating lipunan.

REP. BAG-AO. Pero kanina lang po, sinabi ninyo sa akin, wala namang conflict ang Article II at ang article ng death penalty sa Constitution. Ibig sabihin, ang seksyon sa Konstitusyon tungkol sa death penalty under certain conditions at ang mga pinirmahan nating mga instrumento ay wala namang conflict. Ang ibig lang sabihin para sa akin nito, at patuloy po itong tanong ng mga mamamayan, kung pirma tayo nang pirma sa mga international agreements, lalo na at napakarami nating pinirmahan na mga dokumentong nagsasabing itutulak natin na hindi maibalik ang parusang bitay, at ang dami nating pinirmahan na mga dokumento, para na rin nating sinasabi sa mga mamamayan natin—carry lang, aprub lang tayo nang aprub ng batas, huwag ninyong sundin, anyway, kami nga, sa international community, pirma rin naman kami nang pirma ng international documents na bahagi ng batas, hindi rin naman namin kailangang sundin. Ganoon ba ang mensaheng ibinibigay natin sa mamamayan? Kausap ko po kagabi ang ilang tindera sa palengke at tinatanong po nila sa akin, "Ganoon po ba ang ibig sabihin niyan, Congreswoman?" Gusto nilang maliwanagan.

REP. CASTRO (F.H.). Kagalang-galang na Kinatawan ng Dinagat, naiintindihan ko po ang inyong ibig sabihin. Ang aking paliwanag ay kung tutuusin, ang kasulatang ito ay hindi naaayon sa ating Saligang Batas.

Sa kabilang dako, kung sabihin ko man sa iyo na ang lahat ng kasulatang ito ay pinirmahan ng mga kinatawan ng Pilipinas dahil sa kanilang isipan ay maaari nating sundin ito, subalit sa ating pagsunod sa mga kasunduang ito ay hindi maaaring igapos ang ating kamay at hahayaan lamang na pagpiyestahan ng mga kriminal ang ating mga inosenteng mamamayan at ang ating pamahalaan, o ang ating Estado man ay walang sandata laban sa buktot na krimen na nangyayari sa ating lipunan.

REP. BAG-AO. Nakakatakot lang po ang …

REP. CASTRO (F.H.). Kagalang-galang na …

REP. BAG-AO. … sige po, …

REP. CASTRO (F.H.). … Kinatawan …

REP. BAG-AO. … alam ninyo, 21 minutes na po kasi ako at marami pa akong tanong. Kasi nakakatakot ang ganyang posisyon, Mme. Speaker, distinguished Sponsor, …

REP. CASTRO (F.H.). Kung alam po ninyo, …

REP. BAG-AO. … pero kung sasabihin nating …

REP. CASTRO (F.H.). … kagalang-galang na Kinatawan ng Dinagat, kung hindi po ninyo pakikinggan ang aking paliwanag at hinahabol lamang ninyo ang inyong oras, nandidito po ang inyong mga kasamahan, nandito ang leaders ng mga samahan na nagmamahal sa buhay ng tao na kaparehas ng mga Kinatawan ng Mababang Kapulungan. Paano po nila maiintindihan kung bakit ibinabalik ng Mababang Kapulungan ang kaparusahang kamatayan kung ang mahalaga sa atin

ay habulin ang oras na nakalaan para sa inyo kaysa sa bigyan natin ng kahalagahan ang paliwanag ng Kinatawang ito?

REP. BAG-AO. Inuubos ninyo po kasi ang oras ko sa mahabang paliwanag e nasagot na po ninyo. Gusto ko lang ibalik sa inyo ang reflection ng inyong sagot na kinakabahan naman ako sa paliwanag ninyo, na parang sinasabi ninyo na ang mga pumipirma, okay lang nang panahong iyan, pero later, parang puwede natin itong baligtarin nang basta-basta na lang nang hindi naman tayo sumusunod sa proseso, as if walang kuwenta ang pinirmahan nating covenants.

REP. CASTRO (F.H.). Hindi po basta-basta…

REP. BAG-AO. Anyway po, Mme. Speaker, distinguished Sponsor, kahapon ay may mga itinanong for the first time na sabi ninyo paulit-ulit, pero sa tingin ko hindi po, nakikinig ako sa araw-araw na debate, at kahapon, first time po ni-raise ni Cong. Tom Villarin ang isang katanungan tungkol sa implikasyon sa ekonomiya sa Pilipinas ng pagpabalik ng parusang bitay. Sadly, hindi po ninyo siya nasagot kaya ibinabalik ko ulit ang tanong at sana masagot po ninyo ako ngayon.

Alam po natin na ang Pilipinas ay nananatili sa privileged status sa European Union Generalised Scheme of Preferences Plus o GSP+. Ang tanong kahapon ni Congressman Tom na sa tingin ko po ay hindi nasagot at gusto kong marinig ngayon ang sagot, ano po ba ang magiging implikasyon nito sa foreign policy ng Pilipinas kapag nilabag natin ang kundisyon kung bakit tayo ay nasa privileged status ng European Union? Hindi ito kundisyon as if ipinilit ito sa atin. In fact, tayo ay naging bahagi ng European Union General Scheme of Preferences Plus dahil bahagi ng ating polisiya ay ang pagsiguro na hindi maibalik ang parusang bitay, at alam po ninyo ang implikasyon nito ay tariff-free ang pagbebenta sa EU ng 6,200 na mga uri ng produkto ng mga prutas, coconut oil, footwear, fish at textile? Nangangahulugan ito ng milyun-milyong euros at sabi niya kahapon, 200 million o 200 billion investments ang puwedeng mawala at taon-taon sa nase-save nating customs duties para sa Pilipinas.

So, ang tanong ko po: Naniniwala ba tayo sa rural development? Ano po ang magiging implikasyon ng pagbalik natin sa parusang bitay sa pag-violate natin ng ating pangako doon sa European Union kaya tayo nagkaroon ng GSP+ status?

REP. CASTRO (F.H.). Bago ko po sagutin ang iyong katanungan, kagalang-galang na binibini ng nag-iisang Distrito ng Dinagat, ibig ko lamang sabihin at ipaabot sa lahat na hindi ko sinagot ang isyu na dinala ng kagalang-galang na Kinatawang Tom Villarin na kung anong magiging implikasyon niyan sa ating ekonomiya sapagkat kahapon siya ay nagtalumpati lamang na walang katanungan.

Kung bibisitahin po ninyo ang Record ng proseso na naganap kahapon, sinabi ko na walang katanungan na ipinadala sa Kinatawang ito si Kinatawan Tom Villarin kaya wala akong dapat sagutin. Ngayon , sasagutin ko kung ano ang implikasyon.

Unang-una, hindi ko pangungunahan ang dapat gawin ng Executive Department ng ating pamahalaan. Iyan ay problema ng Ehekutibo. Iyan ay hindi problema ng Kongreso sapagkat ang ating obligasyon dito sa Kongreso ay ang gumawa ng batas.

Kung itong panukalang batas na ito ay isang batas na prayoridad ng kasalukuyang administrasyon, nasisiguro ko na nalalaman nila ang implikasyon ng panukalang batas, at kung ito ay maisasabatas, mayroon silang solusyon sa maaaring kinalabasan ng panukalang batas na ito.

REP. BAG-AO. Okay.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). I would like to remind—hindi ko kayang i-Tagalog ito—pero I would like to remind Congressman Castro and Congresswoman Bag-ao to please address the Chair when you are interpellating.

Thank you.

REP. BAG-AO. Maraming salamat. Paumanhin po, Mme. Speaker.

REP. CASTRO (F.H.). Pangalawa po, Gng. Ispiker at kagalang-galang na Kinatawan ng Dinagat, ako ay personal na naniniwala na maiintindihan ng mga bansang kasama nating lumagda sa kasunduang internasyonal, ang ating sitwasyon dito sa Pilipinas. Ang kaparusahang kamatayan ay ibinabalik ng Kongreso hindi dahil sa kung anong dahilan. Ang kaparusahang kamatayan ay maiintindihan na ibinabalik sa Pilipinas sapagkat tayo ay may suliranin sa mga krimen na nagaganap dito sa ating lipunan.

Alam ko at alam kong alam ng magiting na Kinatawan ng Dinagat, pati na ng mga bansa na ating kapartido sa mga internasyonal na kasunduan na ating nilagdaan, na ang ating ginagawa ngayon dito ay upang mabigyan ng depensa ang ating taumbayan. Ang ating ginagawa ngayon ay upang mabigyan ng pagkakataon ang ating pamahalaan na makapagpadala ng nararapat na katarungan sa lahat ng naging biktima o maaaring maging biktima ng buktot, karumal-dumal at kakila-kilabot na krimen dito sa ating lipunan.

Ako ay naniniwala rin at alam ko na ang mga Kinatawan ng Mababang Kapulungan ay naniniwala rin na matalino ang mga kasamahan na mga Kinatawan ng Republika ng Pilipinas na lumagda sa mga internasyonal

na mga kasulatan o kasunduan na ang ginagawa ng Kongreso ng Pilipinas ay upang depensahan ang ating Republika upang ito ay hindi masira ng mga kriminal na ang balak ay pagpiyestahan ang mga inosenteng taumbayan, Gng. Ispiker, at aking iginagalang na Kinatawan ng Dinagat.

REP. BAG-AO. Mme. Speaker, Mr. Sponsor, kanina pa ho kayo banggit nang banggit ng piyesta ng mga kriminal, sino po ba ang patron nila? Pero kinakabahan po ako kung ang sagot natin sa paggawa ng polisiya ay wala tayong pakialam sa implikasyon nito at bahala nang mamroblema ang Ehekutibo. Kung ganyan ang papel ng Kongreso na gawa lang tayo nang gawa ng batas pero wala tayong pakialam sa implikasyon at bahala nang intindihin tayo ng ating mga kausap at problemahin ito ng Executive, napakalaking irresponsibility naman po siguro noon sa ating bahagi.

Pero po-proceed na po ako sa susunod kong topic. Mme. Speaker.

REP. CASTRO (F.H.). Kung papayagan, Mme. Speaker, …

REP. BAG-AO. Sige po.

REP. CASTRO (F.H.). … ng aking iginagalang na Kinatawan ng Dinagat, ipaaabot ko sa kanya ang aking kasagutan sa kaniyang mga katagang binitawan na hindi—mukha yatang naliligaw ang pag-iisip ng kagalang-galang na Representante ng Dinagat. Hindi po totoo na wala kaming pakialam.

REP. BAG-AO. Kasasabi ninyo lang eh.

REP. CASTRO (F.H.). Kayo bang mga Kinatawan ng Mababang Kapulungan ng Kongreso ay maniniwala na kayo ay walang pakialam sa batas na ating ginagawa o tinatalakay dito sa Mababang Kapulungan? Hindi po totoo, Mme. Speaker, na wala tayong pakialam. May pakialam tayo, subalit ayaw kong apakan ang paniniwala, ayaw kong pangunahan ang Ehekutibo kung anuman ang kanilang paningin, anuman ang kanilang solusyon sapagkat ito ay kanilang obligasyon at hindi ito obligasyon ng Kongreso ng Republika ng Pilipinas.

REP. BAG-AO. Mme. Speaker, Mr. Sponsor, hindi po madalas na nakakarinig ang publiko ng mga kuwento tungkol sa mga mayayaman at sikat na nahahatulan ng korte dahil sa kanilang paggawa ng krimen. At kapag nasasangkot ang mga nanggagaling sa prominente o mayayamang pamilya sa isang kaso, binabansagan ito ng media bilang isang mainit na istorya. Pero kapag ito ay nangyari sa isang hindi kilalang mamamayang mahirap, ang mga kuwentong ito ay tinitingnan bilang regular na kaganapan, parang normal lang. Gusto ba nating gawing normal lang din ang death penalty para sa mahihirap na mamamayan?

Malinaw naman po na mas marami ang mga mahihirap na nasa kulungan. At kung ipapatupad natin ang parusang bitay, tiyak din na mas marami ang mahihirap na mahahatulan nito. Sa katunayan nga po, Mme. Speaker, ang unang limang death row inmates noong panahon ni Pangulong Estrada ay mula sa hanay ng maralita. Ang unang mamamayang sinentensyahan ng bitay noong ito ay ibinalik noong 1994 ay isang lalaking nagngangalang Fernando Galera. Siya po ay isang hamak na manininda ng isda na walang pera upang makakuha ng serbisyo ng isang mahusay na abogadong magtatanggol sa kaniya gaya ng ating Sponsor. Hindi siya nabigyan ng sapat na oras para makapaghanda para sa kaniyang depensa at hindi siya pinahintulutang magkaroon ng panibagong trial noong hiniling niyang makapagprisinta siya ng bagong mga saksi. Malamang, pinatay na si Galera kung hindi isinantabi ng Korte Suprema ang desisyon noong 1997 dahil sa pagkabigo ng prosecution na pagtibayin ang guilt beyond reasonable doubt ni Galera sa *People vs. Galera,* GR No. 115938, 10 October 1997.

Sa palagay ninyo po ba, lahat ng mahihirap na inosenteng malalagay sa death row ay magiging kasing suwerte na masasalba kagaya ni Fernando Galera? Sa palagay ko po ay hindi. Matinggal at malinaw po, kahit po sa aking personal na karanasan, ang diperensiya ng access to justice sa pagitan ng mga mahihirap at mayayaman, base sa mga kasong hawak ng mga korte: ang kawalan ng kakayahang magbayad para sa matinong serbisyong pangligal; ang kawalan ng kakayahang tustusan ang pangangailangan ng pamilya habang nakakulong; ang mga insidente ng torture sa pagpuwersa sa pag-amin mula sa nasasakdal; ang kakulangan ng abilidad na makumbinsi ang mga saksi na tumestigo para sa akusado; ang kawalan ng kakayahang magbayad ng piyansa o makapasok sa isang amicable settlement dahil sa kakulangan ng pera at ari-arian na magagamit sa negosasyon; ang pagiging salat sa edukasyon; ang kakulangan sa kakayahan ng komunikasyon; ang kawalan ng suporta mula sa pamilya. Ilan lamang po ito sa maraming bagay na nakakaapekto sa katiyakan na ang isang mahirap at nasasakdal ay mahahatulan bilang may sala. Sa mga salita nga po ni Pablo Andan, isang death row convict, our only crime was that we were not born rich.

Patungo na po ako sa aking tanong, Mr. Sponsor. There is no one here among us who belong to a wealthy family. "We could not afford a good lawyer," sabi niya, "that is why we ended up here." Sa wikang Filipino, sabi niya, "Ang tanging krimen lang namin ay hindi kami ipinanganak na mayaman. Wala sa amin dito ang nanggaling sa maykayang pamilya. Hindi namin kayang magbayad para sa aming mahusay na

abogado, kaya kami ay naririto ngayon sa piitan at sa death row." Kaya ang tanong ko po, Mme. Speaker, Mr. Sponsor, sumasang-ayon po ba kayo na mayroong direktang ugnayan ang kahirapan at ang crime rate, ang kriminalidad at ang kahirapan?

REP. CASTRO (F.H.). Mme. Speaker, sa iginagalang kong Kinatawan ng Dinagat, naiintindihan ko po ang damdamin na iyong ipinaaabot sa lahat na nandidito ngayon sa bulwagan ng Bahay ng Pilipino. Kung anuman po ang iyong damdamin para sa mga mahihirap, nalalaman ko na ganoon din ang damdamin ng lahat ng mga Kinatawan na inipon sa bulwagan ng Tahanan ng mga Pilipino. Subalit kung sasabihin natin na ang isang kahirapan ang siyang magiging dahilan upang ang isang mahirap ay gumawa ng krimen at kanyang ipagsisigawan ang kanyang kahirapan, palagay ko naman ay hindi naman tama po siguro, kung sa pulong na Ingles, "Poverty could not be used as a convenient excuse in the commission of a crime." Pangalawa po, kung ang isang mahirap na nalalaman natin na walang kakayahan na kumuha ng isang magaling at batikang abogado, kapareho po ng magaling at batikang abogada na Kinatawan ng nag-iisa o Solong Distrito ng Dinagat, hindi po iyan dahilan upang mawala ang ating pagtitiwala sa pagtakbo ng ating katarungan sa bansang Pilipinas, sapagkat unang-una, kung ang isang tao ay naakusahan ng krimen, hindi maaaring umakyat ang kaso sa husgado na hindi dadaan ng piskalya. Ako ay naniniwala na bagamat kung tayo ay may naririnig na mga piskal na tiwali sapagkat sila ay tumatanggap ng suhol, ako ay naniniwala din na mas marami ang tuwid na mga lingkod-bayan na mga piskal na walang bahid dungis ang kanilang pagkatao. Ako ay naniniwala rin na mas marami ang mga piskal na naninindigan ang kanilang sinumpaan sa batas na kanilang uusigin ang may kasalanan subalit kanilang bibigyan ng proteksiyon ang mga walang kasalanan o mga inosente.

REP. BAG-AO. Okay po.

REP. CASTRO (F.H.). Pangalawa, kung ito ay umakyat man sa husgado bagamat may katotohanan na marami rin ang tiwaling husgado na ang mga mahihirap ay maaari nilang maging biktima, ako ay naniniwala rin na marami rin ang mga husgado sa mababang husgado na tatayuan ang kanilang sinumpaan na bigyang proteksiyon ang mga inosente at walang kasalanan. Kaya ngayon, sino na ang abogado ng isang mahirap?

Una, ang piskal na may sinumpaan na proteksiyunan niya ang walang sala ay tumatayo na bilang abogado ng isang nasasakdal na mahirap. Pangalawa, kung ito ay umakyat sa husgado, ang husgado na sumumpa na poproteksiyunan niya ang walang sala ay pangalawang abogado ng nasasakdal. Kung ito ay umakyat sa Court of Appeals, ako ay naniniwala rin na ang mga mahistrado sa Court of Appeals ay tatayo rin na bilang abogado ng mga inosente sapagkat sila ay sumumpa rin na poproteksiyunan nila ang mga walang kasalanan. Kung itong kasong ito ay umakyat ng Korte Suprema, mas lalo akong naniniwala na ang mahistrado ng Korte Suprema, na inaatasan ng ating Saligang Batas na repasuhin ang lahat na hatol ng kamatayan ay tatayong abogado ng mga inosenteng nasasakdal.

Kaya, hindi totoo na walang magaling na abogado ang nasasakdal sapagkat mula sa piskal hanggang sa mga Mahistrado ng Korte Suprema, silang lahat ay mga abogado ng nasasakdal.

REP. BAG-AO. Salamat po.

Mme. Speaker, G. Isponsor, dahil medyo mahaba ho kayong sumagot, itutuluy-tuloy ko na lang iyong mga tanong ko, pick-up-in ninyo na lang ho from there.

Hindi ho nila sinasabi, ng mga mahihirap, na ginagamit nilang excuse ang kahirapan kaya gumagawa sila ng krimen. Ang gusto lang po nating ipakita, na marami ang mga nasa piitan at nakakulong, at even iyong mga nasa death row ay galing sa komunidad ng mga mahihirap.

In fact, sa article na inilabas ng *Philippine Daily Inquirer* nuong January 29, 2017, ipinagtitibay ng article na ito ang direktang ugnayan ng crime rate, poverty incidence at ang panukat ng income inequality ng isang populasyon. Sabi niya:

> The three regions in the top eight poorest regions in the country, namely, Central Visayas, Northern Mindanao, and Bicol were also among the top eight when it comes to the most number of reported crimes. Central Visayas and Northern Mindanao, along with Western Visayas are also among the regions with higher income inequality as well as a higher crime rate.

Nagkaroon din po ng survey ang Free Legal Assistance Group noong 2004 sa mga bilanggong nasa death row. Noong panahong iyon, mayroong 1,121 na bilanggo—993 ang lalaki at 28 ang babae; 800 sa mga bilanggo o 87.78 percent ang nakilahok sa survey. Doon sa survey, 64 percent ng mga bilanggo ay nakapag-aral sa pampublikong paaralan samantalang 39.9 percent ay hindi man lang nakaapak ng elementarya.

Ang tanong ko po, sang-ayon po ba kayo na ang pangunahing dahilan para sa kawalan ng kakayahang magtapos ng basic education and, eventually, makahanap ng tamang trabaho at income at, therefore, maka-afford ng serbisyo sa ating legal process ay ang kahirapan? Nasa 81.8 percent ng mga bilanggong ito ay napapasok sa agricultural, construction, transport at service work, at kumikita ng mas mababa sa P10,000 kada buwan. Sang-ayon po ba kayo na ang mga trabahong

ito ay kadalasang naiuugnay sa mas mababang socio-economic class ng lipunan?

Ang point po, Mme Speaker, Mr. Sponsor, malaki ang kaugnayan ng kahirapan sa sitwasyon ng kriminalidad. At hindi ba dapat unahin natin ang pagtugon at pagsigurong maiaahon natin sa kahirapan ang ating mamamayan kaysa sa unahin natin ang pagtatalakay ng pagbabalik ng parusang bitay?

REP. CASTRO (F.H.). Sinasang-ayunan ko ang obserbasyon ng kagalang-galang na Kinatawan ng Dinagat Islands. Subalit, ang kaniya bang ibig sabihin ay kailangang hintayin muna nating lahat na yumaman ang lahat ng Pilipino bago gawin natin ang ating obligasyon bilang mga kasapi o Kinatawan ng Kongreso ng Republika ng Pilipinas?

Ang ibig bang sabihin ng Kinatawan ng Dinagat ay hihintayin muna natin na kumita ang lahat ng Pilipino bago natin gawin ang ating obligasyon laban sa mga krimen na nangyayari sa ating lipunan, na halos araw-araw ay ating nakikita sa telebisyon, sa ating paligid at sa lahat ng media na lumalabas sa ating komunidad?

Ang ibig bang sabihin ng kagalang-galang na Kinatawan ng Dinagat ay hindi muna natin gagawin ang ating obligasyon samantalang maaaring pinagpipiyestahan na ng mga kriminal ang ating mga taumbayan?

Ang ibig niya bang sabihin ay tumahimik na lang muna tayo at pabayaan natin na patuloy na mangyari ang pagsagawa ng mga kriminal ng buktot, karumal-dumal at kakila-kilabot na krimen sa ating lipunan? At hahayaan ba natin na hindi maipadala ang angkop na kaparusahan sa mga naging biktima ng karumal-dumal na mga krimen na ito?

REP. BAG-AO. Mme. Speaker, Mr. Sponsor, kung sasagutin natin kasi at uunahin, hindi naman po yata iyon ang pinag-uusapan natin. Ang pinag-uusapan natin ay kapag natugunan natin ang usapin ng kahirapan ng ating mamamayan, sa tingin ko, wala nang pangangailangan pa na pag-usapan ang parusang bitay. Iyon ang gusto ring ipahatid ng ating kalagayan ngayon sa pagpapakita ng dami ng mga taong nasa mahihirap na pamilya na nakakulong ngayon sa mga piitan. Pero dahil sinasabi na rin lang ng Kinatawan ang kanyang argumento, at sana po ay huwag niya rin po akong sagutin ng tanong kasi nagtatanong nga po ako, ay pupunta po ako doon sa susunod kong punto. Sabi ng Kinatawan po, paano natin paparusahan nang tama ang mga kriminal kung sila ay—noon pong nagkaroon ng sponsorship ang mga Sponsors, Mme. Speaker, ang sabi po nila ay paano natin paparusahan nang tama ang mga kriminal kung sila ay nagpapasarap lang at nagpapalamig sa aircon ng Bilibid?

In fact, sa talumpati ni Congressman Umali, sinabi rin niya na instead of being punished for their criminal acts, the prisoners were allowed to live luxuriously inside the Bilibid, to the point of even ridiculing congressional offices compared with an inmate's kubol. Ang kailangan ay maisaayos ang problema ng living luxuriously inside. So, paano nga natin mapaparamdam sa kanila ang hirap ng parusang pagkakakulong kung sila ay masarap ang buhay sa kulungan?

Kaya nga, hindi ba dapat ang pag-aayos natin ng reporma ay ang pagsiguro na walang ganoong kalagayan para maramdaman nila ang epekto ng pagkakaroon ng parusang pagkakakulong kaysa sa pag-usapan natin ang pagbabalik ng bitay? Iyon ang una kong katanungan.

Pangalawa, nabanggit din ni Congressman Veloso noong Committee hearing, sa amin, na maihahalintulad ang pagpataw ng parusang kamatayan sa kagustuhan ng tao na patayin si Satanas kapag nakaharap na siya rito. At, sabi niya, kung ang nasa harapan mo ay si Satanas na mismo, "Oh my God, bigyan mo naman ang gobyerno ng option para patayin na iyan, Satanas na iyan e."

Kaya nga, matanong ko lang ang ating mga Sponsors, si Satanas po ba ang naisip ninyo noong muntik nang bitayin si Mary Jane Veloso? Noong bitayin kamakailan si Jakatia Pawa ng Kuwait, personification din ba ni Satanas ang maihahambing ninyo sa kaniyang pagkatao, na sa inyong mga mata she deserved to die?

Sa level ng subcommittee pa lang ay pilit na tayong pinapapili ng ating kagalang-galang na Sponsor, Mme. Speaker. Sabi niya, "We are offering judicial killings as against extrajudicial killings. You decide, judicial or extrajudicial?" Hanggang sa sponsorship speech ni Congressman Umali, kanyang binitawan ang tanong, "Take your pick, death without due process or death after due process?"

So, ang tanong ko po, kapag kino-compare natin ang dalawang bagay, extrajudicial killing versus death penalty, ang ibig sabihin ay magkapareho sila ng katangian. So, kung ang death penalty ay itinutulak ng gobyerno na programa, inaamin din po ba ninyo na itinutulak ding programa ng gobyerno ang extrajudicial killings? Kasi, kino-compare ninyo at pinapipili ninyo nga kami kung ano ang gusto namin. So, ang ibig bang sabihin noon, kung ayaw mo ng programa ng gobyerno na death penalty, doon ka sa extrajudicial killing? Ang ibig bang sabihin State-mandated program ang extrajudicial killing, Mr. Sponsor, Mme. Speaker?

REP. CASTRO (F.H.). Mme. Speaker, at ang aking kinagigiliwan na Kinatawan ng Dinagat, palagay ko ay nagkakamali po siya o hindi po maliwanag sa kanya ang sinabi ng mga Sponsors. Kung ako po ang magpapaabot sa inyo ng paliwanag, ang pagkakaintindi ko po ng comparison o paghahambing ng extrajudicial killings at—o kita po ninyo, inaatake po ninyo si Congressman Umali pero hinahalikan din po ninyo—pero ganito po iyan, ang ibig pong sabihin nila ng extrajudicial

killings at itong kaparusahang kamatayan ay hindi dahil ang gobyerno ang may kagagawan ng extrajudicial killing. Ang ibig po nilang sabihin at ang punto ng mga Sponsors noon na ipinaaabot po ay kung wala tayong angkop na kaparusahan sa mga kakila-kilabot, buktot, at karumal-dumal na krimen, maaaring ilagay ng mga biktima o ng kanilang pamilya, o ng mga vigilantes sa kanilang kamay ang katarungan. Iyan po ang kanilang ibig sabihin at hindi po dahil sponsor ang gobyerno ng extrajudicial killing o ng pagpatay sa pamamagitan ng proseso. Ganoon po siguro, magiting at kahanga-hanga na Kinatawan ng Dinagat.

REP. BAG-AO. Sige po, maraming salamat po sa inyong sagot.

Mula po kanina noong nag-umpisa ako, hanggang ngayon na mayroon na lang akong limang minuto, kanina pinag-usapan natin iyong ating obligasyon sa international community. Sabi ng Sponsor, basta walang conflict with the constitutional provisions among the provisions, dapat sundin, at wala naman kayong ipinakita sa aking pruweba na salungat nga ang mga pinirmahan nating international agreement doon sa ating constitutional provisions, kahit alin doon sa mga constitutional provision.

Kanina, pinag-usapan din natin iyong epekto ng pagpabalik ng parusang bitay sa ating relasyon sa trade. Sabi ninyo, bahala nang problemahin iyan ng Ehekutibo; ang importante makagawa tayo ng polisiya. At ngayon, pinag-uusapan natin ang koneksiyon ng kahirapan at iyong pagtaas ng kriminalidad, at ang sinasabi ng Kinatawan, ang problema, ginagawang excuse iyong kahirapan ng mga mahihirap. Sa lahat po ng pinag-uusapan natin, sa tingin ko ay hindi pa rin natin nabibigyan ng tamang wisdom o paliwanag kung bakit natin ibinabalik ang parusang bitay kaysa sa mag-comply tayo sa ating obligation sa international community. At bilang chairman ng ASEAN, dapat panindigan natin ang ating mga pinirmahan; pangalawa, tugunan ang isyu ng kahirapan; at pangatlo, tugunan iyong comfort na ina-accuse ninyo na na-experience ng mga nakakulong.

Bilang panghuli po, noong una ay tinatanong ko ang Kinatawan kung kilala niya si Joselito Zapanta. Kung hindi pa po siya kilala ng Kinatawan, sabi niya sa akin na hindi niya siya kilala, magbibigay na lang po ako ng maiksing background. Si G. Zapanta po ay isang Pilipinong binitay sa Saudi Arabia noong December 29, 2015 dahil sa kasong murder with robbery. Siya ay ama ng dalawang bata. Humingi ang pamilya ng kanyang biktima, isang Sudanese landlord, ng P55 million para hindi siya mapatawan ng parusang bitay, pero hanggang P23 milyon lang ang nalikom ng ating pamahalaan sa tulong ng local government ng Pampanga at mga pribadong indibidwal at organisasyon.

Kanina tinanong ko kung kilala ninyo si Sally Ordinario-Villanueva, Ramon Credo, at Elizabeth Batain. Sila ay mga nabitay sa China noong 2012. Sila ay mga drug mules na ang kasalanan ay ang maging biktima rin ng mga sindikato ng droga dahil lamang kinailangan nila ng pera para sa ikabubuhay ng kanilang pamilya. Isa pang Pilipino na hindi pinangalanan ang pinatawan ng parusang bitay noong taon ding iyon sa Tsina.

Ngayon, ang tanong ko, Mme. Speaker, G. Isponsor, habang inaaprubahan ng Kongresong ito ang panukala upang ibalik ang bitay, paano makakakilos ang ating pamahalaan upang ipagtanggol at isalba ang mga Pilipinong nasa death row na nasa ibang bansa na humigit-kumulang ay nasa pitumpu o seventy sa kasalukuyan? Paano natin maipapakita ang prinsipyo ng ating bansa pagdating sa pagpapahalaga sa buhay at sa katarungang nakasandig sa mga konsepto ng kapatawaran at pagbabago ng sarili? Paano natin maipapakita ang sinseridad ng pamahalaan sa pag-angat ng dignidad ng ating mga overseas Filipino workers na nailagay sa death row ngunit sa maraming pagkakataon ay mga biktima rin ng dahil sa kahirapan at pangangailangan?

Gusto ko lang pong hiramin ang sinabi ni Bataan Bishop Ruperto Santos, Chairman ng Catholic Bishops Conference of the Philippines, Episcopal Commission for the Pastoral Care of Migrants and Itinerant People. Sabi niya:

> The government should not push through with the death penalty. If there will be death penalty in our country, we will lose any moral authority and legality to ask clemency for our Filipinos who have been sentenced to death abroad.

Kagaya ni Mary Jane Veloso mula sa Nueva Ecija, nahatulan ng bitay sa Indonesia; Jennifer Dalquez, mula sa General Santos, nahatulan ng bitay sa United Arab Emirates; Emmanuel Sillo Camacho, nahatulan ng bitay sa Vietnam; Donna Benagua Mazon, nahatulan ng bitay sa Vietnam; Mark Alvin Antonio, nahatulan ng bitay sa Thailand; Rigor de Padua ng Muntinlupa City, nahatulan ng bitay sa Saudi Arabia; at Janet Opena ng Davao del Norte, nahatulan ng bitay sa Malaysia, at ang iba sa mga pangalang iyan na nabanggit ko noong simula ng aking interpellation, Mme. Speaker, distinguished Sponsor, ay naitanong ko kung kilala sila ng Kinatawan. Ilan lamang po sila at marami sa kanila ang hindi na mapapangalanan sa publiko, walang mukha, walang pangalan, pero kapwa natin Pilipino, kapwa natin tao. May 71 ang mga Pilipinong nahatulan ng bitay sa ibang bansa. Marami sa kanila ang patuloy na sinusubukang tulungan ng pamahalaan na maalis mula sa death row. Kaya po ba nating manawagan para maisalba ang

buhay ng ating mga kababayan sa ibang bansa kung dito mismo ay ipapakita nating pumapatay na rin tayo at ibinabalik na rin natin ang parusang bitay?

Ang pagboto po natin ng "yes" sa death penalty ay katumbas ng pagdiin sa kanila sa kamatayan. Ang pagboto natin ng "yes" sa death penalty ay pagsang-ayon sa pagpatay sa tao. At hindi po ito kakayanin ng aking konsensya na sasabihin sa kanilang, "Wala kaming magagawa; may death penalty na rin kami dito."

Maraming salamat at magandang gabi po, Mme. Speaker, Mr. Sponsor.

REP. CASTRO (F.H.). Mme. Speaker, ako po ay hihingi ng kaunting panahon lamang upang maipaabot ang aking reaksyon sa sinabi po ng ating iginagalang at pinagpipitagang Representante o Kinatawan ng Dinagat na sana ang kanyang obserbasyon sa kurapsiyon at hindi patas na nangyayari sa ating prosecution department, na totoong nangyayari, ay maging panawagan sa Department of Justice na asikasuhin ang ating prosecution department nang ito ay maging karapat-dapat para sa ating bayan.

May katotohanan din ang kaniyang sinabi na ang iba sa ating husgado ay mga tiwali. Iyan ay may katotohanan at sana ang katagang binitiwan ng ating iginagalang na Kinatawan ng Dinagat ay maging panawagan sa ating Korte Suprema na ayusin ang ating judicial system o sistema ng hudikatura upang maipaabot sa ating taumbayan ang angkop na katarungan.

Inaayunan ko rin ang sinabi ni Kinatawan Kaka Bag-ao na ang iba sa ating piitan ay maligaya sapagkat nandoroon ang kanilang kasiyahan sa kadahilanang hindi tama ang pagpapatakbo ng ating mga kulungan.

Inaayunan ko ang kaniyang obserbasyon at sana ito ay maging isang panawagan sa Executive Department o Department of Justice na ayusin ang ating mga piitan at ang pagpapalakad dito, bilang preparasyon, na kung maisabatas ang panukalang batas ay maibibigay sa ating taumbayan ang tamang katarungan sa bawat Pilipino—katarungan sa biktima at katarungan sa salarin, Mme. Speaker.

Maraming salamat po.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you.

SUSPENSION OF SESSION

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, I move for a suspension of the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Pwede ta ka-Ilonggo na. The session is suspended.

It was 6:37 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 7:28 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is resumed.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, I move that we terminate the period of sponsorship and debate on House Bill No. 4727.

I so move, Mme. Speaker, Your Honor.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

REP. DAZA. Mme. Speaker, did I hear wrong—Mme. Speaker, did I hear the Majority Leader say …

SUSPENSION OF SESSION

REP. BONDOC. Mme. Speaker, I move for a few minutes suspension of the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is suspended.

It was 7:29 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 7:29 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is resumed.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, …

REP. DAZA. Mme. Speaker.

REP. BONDOC. … having closed the period of sponsorship and debate, I move that we open the period of amendments.

I so move, Mme. Speaker.

REP. DAZA. Mme. Speaker, point of order.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? *(Silence)* …

REP. DAZA. Mme. Speaker, point of order.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). … The Chair hears none; the motion is approved.

REP. DAZA. Mme. Speaker, I raised a point of order before the Chair banged the gavel.

SUSPENSION OF SESSION

REP. BONDOC. Mme. Speaker, I move for a few minutes suspension of the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is suspended.

It was 7:30 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 7:34 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin. S.). The session is resumed.

The Acting Floor Leader is recognized.

REP. DAZA. Mme. Speaker, I reiterate my point of order.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). What?

REP. DAZA. And I have to be recognized for my point of order.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please state the point, the rule violated…

REP. DAZA. Yes.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). … and the point of order.

REP. DAZA. My point of order is based on Section 54 of our Rules, in relation to Section 53.

I will read Section 54:

> A motion to close the debate on a measure, shall be in order after three (3) speeches in favor and two (2) against, or after only one (1) speech in favor and none against x x x.

Now, Section 53 provides, "Debate shall begin with the sponsorship speech x x x." In other words, the Majority Leader can only move now to close the sponsorship, but he cannot, under the Rules, move to close the debate because since three have spoken or since three speeches have been heard by the House in favor of the measure, then, the House should give at least an opportunity for two speakers to speak against the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, Your Honor, we have the highest respect for and deference to the Honorable Daza who has been a lawmaker since way back in the time of my predecessors—my uncles, and my father.

REP. DAZA. Thank you.

REP. BONDOC. But unfortunately, we are bound by the Rules of the House, Mme. Speaker, Your Honor. And he is right in citing Section 54, preceding that is Section 53, on Second Reading and Debate; Section 54, on Motion to Close Debate.

And may I read, Mme. Speaker:

> A motion to close the debate on a measure shall be in order after three (3) speeches in favor and two (2) against x x x." Section 55, bills with cloture; Section 56, Amendments.

So, it is very clear. According to our Rules, Mme. Speaker, after the sponsorship, three will speak in favor, two against, we close the period of sponsorship and debate, and we move to amendments.

REP. DAZA. May I respond.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, may I be allowed to continue.

We have heard the sponsorship, three have spoken in favor—the Honorable Castro, the Honorable Veloso and the Honorable Umali—and more than two of our colleagues have spoken against the measure.

With that, we have moved to close the period of sponsorship and debate, and there was no opposition. So, we are very much in order Mme. Speaker, Your Honor, that is why, we opened Section 56 – the period of amendments and our parliamentary status now, …

REP. DAZA. Mme. Speaker.

REP. BONDOC. …following Sections 53, 54, 55—we are now in the period of amendments, Mme. Speaker.

REP. DAZA. Mme. Speaker, may I reply.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Considering the points raised by the Dep. Majority Leader, and based on Section 101 on the basis of Point of Order, I therefore adopt the position of the Majority Leader.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker.

REP. DAZA. Mme. Speaker, I appeal from the ruling of the Chair.

REP. ATIENZA. Mr. Majority Leader.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, there is an appeal from the ruling ,so…

REP. DAZA. I have …

REP. BONDOC. …it calls now on the Presiding Officer to ask the House.

REP. ATIENZA. No. We would like to clarify.

REP. BONDOC. …whether the ruling is in order or not.

REP. DAZA. Mme. Speaker, under the Rules, I have five minutes, …

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Acting Floor Leader is recognized.

REP. DAZA. …I have five minutes to explain my appeal.

SUSPENSION OF SESSION

REP. BONDOC. Mme. Speaker, I ask for a few minutes suspension of the session.

REP. DAZA. I request for five minutes to explain my appeal, Mme. Speaker, under the Rules.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is suspended.

It was 7:38 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 7:38 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is resumed.

REP. DAZA. Mme. Speaker, the fundamental error.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). You have five minutes.

REP. DAZA. Yes. Yes, Mme. Speaker, I said five minutes.

Mme. Speaker, the fundamental error of the distinguished Majority Leader for whom I have the highest respect, is that he is equating interpellation with the speech against. We have authorities here, and I think the old-timers in the House know that there is such a thing as a *speech en contra*.

A speech is not an interpellation nor is an interpellation a speech. Rule 54 speaks of three speeches for and two speeches against. The interpellations do not count for a speech.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, I did not wish to interrupt our esteemed colleague, but *turno en contra* is not mentioned in our Rules.

Section 54 is very clear, Mme. Speaker, Your Honor, Second Reading and Debate; Motion to Close Debate on Section 54, possible Cloture in Section 55, and Amendments in Section 56.

Therefore, the two speaking against have already been met.

REP. DAZA. Mme. Speaker, Section …

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, let us vote now on the appeal of the Gentleman and the majority.

REP. DAZA. Section 54 refers to a Motion to Close Debate, and Section 56 refers to a motion for the House to consider Committee amendments, and later on, individual amendments. That is another fundamental error in the interpretation of the Rules because Section 56 does not come into play until there is a proper and valid motion approved under Section 54.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The motion was a motion to close the debate, not …

REP. DAZA. Precisely, Section 56 says, "After the close of debate x x x," et cetera, are Committee amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. BONDOC. With that, Mme. Speaker, let me state our parliamentary status. The Honorable Daza has appealed from the ruling of the Chair which we will now put to a vote if the Chair would allow me to state the manner of the question at hand.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please proceed.

REP. DAZA. Before the…

REP. BONDOC. The Honorable Daza has appealed from the ruling of the Chair that the requirements to close the debate, as found in Sections 53 and 54, have been met. So a "yes" vote will sustain the appeal of the Honorable Daza while a "no" vote, which the Majority asks from each Member will defeat the appeal. The Majority asks for a *"nay"* vote.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker, before we even vote on the issue …

REP. BONDOC. I am sorry, dear colleague, voting may not be interrupted according to Section 119 of our Rules.

REP. ATIENZA. We have not started voting. We are questioning the interpretation of the Rule. Rule No. 53 up to Rule No. 57 talk about the issue …

VIVA VOCE VOTING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). As many as are in favor of the appeal of Congressman Daza, please say *aye*.

FEW MEMBERS. *Aye.*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). As many as are against, please say *nay*.

SEVERAL MEMBERS. *Nay*.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The *nays* have it; the appeal is lost.

REP. DAZA. Mme. Speaker.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. BONDOC. With that, Mme. Speaker, we are now in the period of amendments. There being no …

REP. ATIENZA. No, we are objecting.

REP. BONDOC. … Committee amendments, I move that we close the period …

REP. ATIENZA. Mme. Speaker.

REP. BONDOC. … of Committee amendments.
I so move, Mme. Speaker.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker, there is a serious misinterpretation of the Rules.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

REP. DAZA. Mme. Speaker, why divide …

REP. BONDOC. Mme. Speaker, earlier, we have distributed to all Members copies of the substitute bill to House Bill No. 4727.

REP. DAZA. Mme. Speaker, I do not want a nominal voting.

REP. BONDOC. Pursuant to Section 104 of our Rules, I move to amend by substitution the entire Bill as contained in Committee Report No. 47 with the contents of the substitute bill earlier distributed to all Members.
I so move, Mme. Speaker.

REP. ATIENZA. I do not believe that there is a quorum now.

REP. LAGMAN. Objection, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection?

REP. LAGMAN. Objection, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). There is an objection.

REP. DAZA. Mme. Speaker, I am asking …

REP. ATIENZA. We are questioning the interpretation or misinterpretation …

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). As many as are in favor of …

REP. LAGMAN. Mme. Speaker, there is an objection to the motion to adopt this substitute Bill.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, earlier, I made…

REP. ATIENZA. Mme. Speaker.

REP. BONDOC. … a motion as found in Section 104 of our Rules. Please allow me, dear colleagues.

The second paragraph of Rule 104 states, and I quote:

> A motion by the Majority Leader to amend by substitution of the entire bill or joint resolution shall precede consideration of individual amendments to the bill or joint resolution under consideration.

This was correctly objected to at the proper time. Therefore, now, our parliamentary status, we will vote on the objection. An *aye* vote sustains the objection.

REP. LAGMAN. Can I have …

REP. BONDOC. A *nay* vote which the Majority asks for …

REP. ATIENZA. Objection, Mme. Speaker.

REP. LAGMAN. Mme. Speaker.

REP. ATIENZA. We do not have a quorum anymore, Mme. Speaker. We first establish a quorum …

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. ATIENZA. … before we can even call for a vote.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, may I amend my initial …

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). There is currently a motion on the table.

REP. LAGMAN. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, …

REP. ATIENZA. I am not debating on the issue. I am insisting that a quorum …

REP. BONDOC. Mme. Speaker, I have the floor.

REP. ATIENZA. … be established before we even debate.

REP. BONDOC. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, I have the floor and I am amending the information I have previously given. An *aye* vote affirms the substitution and the Majority asks for your *aye* vote, and a *nay* vote sustains the appeal or the objection of the Honorable Lagman.

REP. LAGMAN. I have not appealed on anything, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Gentleman has objected.

REP. LAGMAN. I have objected to the motion.

REP. ATIENZA. We are objecting to the motion, Mme. Speaker.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, voting cannot be interrupted. We vote now on the objection of the Honorable Lagman.

REP. LAGMAN. We are not yet voting, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). There is currently a motion and it has been objected to.

REP. LAGMAN. Yes, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). We will vote on the objection.

REP. LAGMAN. I have five minutes to explain my objection, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Congressman Lagman will please proceed.

REP. LAGMAN. Mme. Speaker, earlier, a draft of a wholesale amendment to House Bill No. 4727 was circulated. It was denominated as "amended by the Committee on February 22, 2017."

May we know, Mme. Speaker, if there was a Committee hearing held on February 22, 2017 to adopt amendments to House Bill No. 4727. I am not aware of any such meeting, because the Committee Chairman does not have the sole prerogative to introduce Committee amendments. He must have the concurrence and approval of the Committee on Justice in a meeting scheduled for the purpose.

Subsequently, another draft of the so-called "wholesale amendments" was circulated, denominated as "House Bill No. 4727 as of February 22, 2017." May we know what is the purpose of this so-called "second draft of the whole amendments," because even if under the first draft or under the second draft, the Committee

Chairman has no sole authority to introduce and effect amendments. He must have the concurrence and approval of the Committee in a meeting scheduled for that purpose.

REP. DAZA. Mme. Speaker.

REP. LAGMAN. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Congressman Lagman has the floor. He may proceed.

REP. LAGMAN. I still have three minutes, Mme. Speaker.

Consequently, Mme. Speaker, this Committee amendment, whether we call it Committee amendment or amendment by substitution, is flawed and improper because it does not have the concurrence and approval of the Committee on Justice in a meeting called for that purpose.

We should not be railroading this important measure, although it is a retrogressive bill, because the hallmark of a deliberative assembly like this honorable Chamber is to give free rein to debates, extensive debates, so that differing positions can be heard.

As a matter of fact, Mme. Speaker, the House leadership is estopped, is in estoppel because they have circulated a calendar of interpellators. There are still so many interpellators who are ready to interpellate provided there is a quorum. With the circulation of that list of interpellators, I think the House leadership is, indeed, in estoppel. They should allow and let those listed as interpellators to rise and interpellate.

Mme. Speaker, verily, these so-called "amendments," whether under the first draft or under the second draft, are improper, invalid and possibly illegal because they do not have the concurrence of the Committee on Justice, which did not hold a meeting on February 22, 2017 to effect the so-called "wholesale amendments."

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you, Congressman Lagman.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker.

REP. DAZA. Mme. Speaker.

REP. BONDOC. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Congressman Atienza and Congressman Daza, we are in the middle of voting and it cannot be interrupted.

The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. ATIENZA. We have not been given the opportunity…

REP. DAZA. I am not …

REP. BONDOC. Mme. Speaker, I would like to reply for the…

REP. DAZA. I would like to be given the five minutes according to our Rules to object to the motion.

REP. BONDOC. … clarification of our colleagues …

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader will please proceed.

REP. BONDOC. Our parliamentary status, Mme. Speaker, is that we are now about to vote on the objection of our esteemed colleague, the Honorable Lagman. He raised the matter of the misprint in some of the copies that we found on our desks where it says there that it was through the Committee on Justice that the amendment was made.

This is something that we spotted due to the haste of the need to reproduce more than 300 copies. It was a simple cut-and-paste error by the Secretariat of the Committee. Realizing their error when the first few copies were printed, they printed the correct copy and released a one-page document of the proper first page necessary for House Bill No. 4727. This is an amendment according to our Rules, as specifically read by the Majority Leader.

So, we are very much in order, dear colleagues. Once again, your *aye* vote will sustain …

REP. ATIENZA. Mme. Speaker.

REP. BONDOC. … my motion for the substitution.

REP. ATIENZA. Before we can go into voting …

REP. BONDOC. And the *nay* vote …

REP. ATIENZA. … we are citing the Rules. The Dep. Majority Leader is reading the Rules…

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). We shall now vote on Congressman …

REP. ATIENZA. … we are citing the Rule that allows debate on a motion to close the debate.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). We shall now vote on the motion …

REP. LAGMAN. Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). … of the Dep. Majority Leader.

REP. LAGMAN. Mme. Speaker.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker.

VIVA VOCE VOTING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). As many as in favor of the motion of the Dep. Majority Leader on the amendment by substitution, please say *aye*.

SEVERAL MEMBERS. *Aye*.

REP. DAZA. Mme. Speaker, I want to place it on record that during the voting, the Majority here was never …

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). As many as are against, please say *nay*.

FEW MEMBERS. *Nay*.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The *ayes* have it; the motion is approved.

REP. ATIENZA. We move for a division of the House. The decision of the Chair is very unclear. I heard the other way around. It is the *nays* who have it.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Congressman Atienza, please wait to be recognized.

The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker, I am appealing to the Dep. Majority Leader …

REP. BONDOC. Mme. Speaker, let us put our attention to Section 115 of the House Rules.

REP. ATIENZA. … that we call for a nominal voting so that we will definitely know …

REP. BONDOC. Mme. Speaker, "Section 115. Manner of Voting – The Speaker shall rise and state x x x…"

REP. ATIENZA. … whether we have a quorum at all.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, our honorable colleague is wrong. The procedure in voting has not yet reached nominal voting. Section 115 is very clear, and I quote:

> The Speaker shall rise and state the motion or question that is being put to a vote in clear, precise and simple language. The Speaker shall say "as many as are in favor, (as the question may be) say *'aye'."* After the affirmative vote is counted, the Speaker shall say "as many as are opposed, (as the question may be) say *'nay'."*

If and only if the Speaker doubts the result of the voting or a motion to divide the House is carried, the House shall divide.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker, again, we …

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Congressman Atienza.

REP. ATIENZA. … raised a point of order on the misinterpretation of the Dep. Majority Leader on the rights of Members of this Congress.

I am also citing Section 116 and I would like to read it into the record:

> Section 116. Upon motion of a Member, duly approved by one-fifth (1/5) of the Members present, there being a quorum, nominal voting on any question may be called x x x.

The term is very clear, "on any question may be called." It continues:

> In case of nominal voting, the Secretary General shall call, in alphabetical order, the names of the Members who shall state their vote as their names are called.

Ang linaw ng Section 116. Ang binabasa lang niya in favor of his position.

You closed the debate without any debate. The motion to close the debate is a debatable issue. Three members of the affirmative can vote, two can speak against, but you did not respect that.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you.

REP. ATIENZA. Now, you are quoting Rule 115, and we are quoting Rule 116 where on any issue a nominal voting can be demanded by any Member.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. BONDOC. Mme. Speaker, the ruling of the Chair was very clear that the motion for the substitution was upheld and approved by majority of the House.

With that, I move that we open the period of individual amendments, Mme. Speaker.

REP. DAZA. Mme. Speaker, point of order.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? Hearing none; the motion is approved.

REP. DAZA. Mme. Speaker, point of order.

REP. ATIENZA. We have a continuing objection because all of these are not in accordance with the Rules.

SUSPENSION OF SESSION

REP. BONDOC. Mme. Speaker, may I ask for a suspension of the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session suspended.

It was 7:55 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 7:56 p.m., the session was resumed

THE DEPUTY SPEAKER. (Rep. Garin, S.). The session resumed.

ADJOURNMENT OF SESSION

REP. BONDOC. Mme. Speaker, I move that we adjourn until Monday, February 27, 2017, at four o'clock in the afternoon.

THE DEPUTY SPEAKER. (Rep. Garin, S.). The session is adjourned until Monday, February 27, 2017, at four o'clock in the afternoon.

It was 7:56 p.m.

Published by the Publication and Editorial Service, Plenary Affairs Bureau
The ***Congressional Record*** can be accessed through the Downloads Center of the official website of the House of Representatives at **www.congress.gov.ph**

ddc/gic/02282017/1818